



Pamagat: ANG SALAH AY SALIGAN NG RELIHIYON

Kategorya : Pangkalahatan

May-akda : Mula sa aklat "Mga Aralin sa Masjid" ng General Authority of Islamic Affairs & Endowments

Paglalarawan: Katotohanang ang katayuan ng salah sa Islam ay napakahalaga. Sapagkat ito ay ang saligan ng relihiyon at siyang kahuli-hulihang ipinagbilin ng Propeta Muhammad (saws).

Purihin natin ang Allah, ang Siyang nagtakda sa salah bilang saligan ng Islam. Ang nagbigay liwanag sa landas ng silang mga mabubuti. Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa-Kanyang sugo, ang puno ng mga propeta, kanyang pamilya at mga kasamahan.

Sinabi ng Allah sa banal na Koran;

[At magsagawa ng As-Salat [ng Pagdarasal]; magbigay palagi sa Zakat [sa kawanggawa]; at yumukod pababa [ng inyong mga sarili sa pagsunod sa ALLAH] kasama ng mga Ar-Raki'un [mga yumuyukod pababa sa pagsamba].] Al-baqarah 43

[Pag-ingatang mabuti [ang limang obligadong] As Salat [mga pagdarasal] laluna ang gitnang dasal [ang Asr]. At tumayo sa harapan ng ALLAH na may pagkamasunurin [at huwag magsalita habang nagdarasal].] Al-baqarah 238

[katotohanan, ang pagdarasal ay ipinag-utos sa mga Mananampalataya sa itinakdang mga oras.] An-nisa 103

[Katotohanan, Ako ang ALLAH: La ilaha illa Ana [Walang ibang dapat na sambahin maliban sa Akin], kaya sambahin mo Ako [lamang], at magtatag ng palagiang As Salat [pagdarasal] sa Pag-aalala sa Akin] Taha 14

[At isagawa ang As-Salat [pagdarasal] sa dalawang mga dulo ng araw at sa pagdating ng gabi: dahil ang mga bagay na mabuti ay nag-aalis sa mga yaon na masama: iyan ay salita nang paalala para sa kanila na makakaalala [sa kanila na tumatanggap ng mga pagpapayo]] Hud 114

Sinabi ng Propeta Muhammad (saws);

[Ang Islam ay may limang haligi: Ang Pagsasaksi na katotohanang walang sinumang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang sugo, at ang pagsasagawa na Salah, at ang pagbibigay ng Zakat, at ang Hajj, at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan.] Al-bukhari at Muslim

[Limang salah ang ginawang obligado ng Allah, sinuman ang pinag-igihan niya ang pagdadalisay (wudhu) dito, at kanyang isinagawa sa nakatakandang oras nito, at taimtim at kanyang pinagbuti ang pagyukod (ruku') nito, ay mapapasakanya ang pangakong kapatawaran ng Allah. (ngunit) sinuman ang hindi nagsagawa nito ay walang pangakong kapatawan para sa kanya mula sa Allah. (kaya't) kung nanaisin ng Allah ay maaari siyang patawarin o parusahan] Abu Dawud

[Katotohanang ang unang huhusgahan mula sa mga gawain ng tao sa araw ng paghuhukom ay ang kanyang salah, kapag ito ay naging katanggap-tanggap (para sa Allah) katiyakang siya ay nagtagumpay at naligtas, ngunit kung ito ay hindi katanggap-tanggap katiyakang siya ay bigo at nalugi, at kapag mayroong pagkukulang sa kanyang mga obligadong salah, ay sasabihin ang Allah sa mga anghel: tingnan ninyo kung mayroon siyang mga boluntaryong salah(sunnah), at ito ay bubuo sa kanyang pagkukulang. At ang iba pa niyang mga gawain ay sa ganoong paraan din titingnan] At-tirmidhi

[Walang isang muslim na dinatnan ng obligadong salah, at kanyang pinag-igihan ang wudhu, yukod (ruku') at taimtim na isinagawa, maliban na lamang na ito ay dahilan ng kapatawaran ng mga nakalipas niyang mga pagkakasala hangga't hindi siya nakakagawa ng mga malaking pagkakasala, at ito ay sa buong taon] Muslim

[At ginawa ng Allah ang salah bilang kamahal-mahal/kaaya-aya sa aking puso] An-nasai

KAHULUGAN

Katotohanang ang katayuan ng salah sa Islam ay napakahalaga. Sapagkat ito ay ang saligan ng relihiyon at siyang kahuli-hulihang ipinagbilin ng Propeta Muhammad (saws).

Ang limang salah sa isang araw ay ipinag-utos ng Allah sa kalangitan sa gabi ng paglalakbay ng sugo patungong langit, bilang patunay sa kahalagahan nito. Ang salah ay isa sa mga pinakamabuting gawain sa panignin ng Allah.

Ang salah ay siyang ilaw ng tao sa kanyang buhay. Ito ay dahilan ng kanyang tagumpay dito sa mundo hanggang sa kabilang-buhay. Ito rin ang siyang nag-uugnay sa tao at kanyang panginoon, anupa't kinakausap niya ang Allah habang ang Allah naman ay tumutugon sa kanya. Sa pamamagitan ng salah, ang isang muslim ay humihingi ng kapatawaran mula sa Allah habang kanyang binabago ang kasunduan niya sa Allah, na Siya lamang ang nag-iisang karapat-dapat samabahin. Ang salah ay dahilan ng pag-angat ng antas ng tao sa paningn ng Allah, pagbubura ng kasalanan at pagpasok sa paraiso. Ito ay nagbubunga rin ng masaganang biyaya at pagpapala, at naglalayo sa tao mula sa malalaswang gawain at pagkakasala. Ang salah ay lalo pang nagpapatibay sa ugnayan at pagdadamayan sa lipunan. Ito ay nagbibigay kapanatagan sa puso at sarili lalung-lalo na sa mga oras ng kahirapan at kagipitan.

Ang salah ang gawaing unang huhusgahan sa huling-araw. Sa araw na walang makakatulong sa tao, hindi ang kanyang mga anak o kayamanan kundi ang kanyang dalisay na puso lamang. Kaya't ang Allah ay mahigpit na nag-utos na ang salah ay pangalagaan at bigyan ng tuon, at ito'y palagiang isagawa.

MGA ARAL

- 1- Ang salah ay saligan ng Islam, sinuman ang nagsagawa nito ay kanyang naitayo ang relihiyon, ngunit sinuman ang sumira nito ay katotohanang kanyang sinira ang relihiyon.
- 2- Ang salah ay siyang ugnayan ng tao at ng Allah.
- 3- Ang salah ay naglalayo sa tao mula sa kasamaan at pagkakasala.
- 4- Ang pagsasagawa ng salah ay kaginhawahan sa puso at kapanatagan sa sarili.